

## Varayti ng Wikang Sugbuanong Binisaya sa Hilagang Cebu

Elsie T. Alvarado, DA, Lita A. Bacalla, DA, Rowena C. Largo, Ed.D

Cebu Normal University

**ABSTRACT:** *This study aims to describe the variety of the Sugbuanong Binisaya Language in Northern part of Cebu particularly the morphological structures. It specifically answers the following: 1) words, 2) meaning, 3) types of morpheme, 4) word forms, 5) part of speech. It anchored on the Sociolinguistic Theory and used qualitative method to analyze descriptively the data gathered. Based on the data presented, the variety of Sugbuanong Binisaya Language particularly the morphological structures describes the following; most of the words are not the same spelling but some are the same; the meaning of the words are the same; there are two types of morpheme such as base morphemes and affixes; word forms are simple, words with affixes and compound words; and part of speech such as nouns, verbs, adjective and adverbs. The results of the study concluded that there are different varieties of Sugbuanong Binisaya Language in Northern part of Cebu in any situation. That is why, it recommends to further study about the phonology and syntax structures.*

**Keywords:** *variety, wikang Sugbuanun' Binisaya, morphological structures, words, meaning, types of morpheme, words forms and part of speech*

### Abstract sa Filipino.

Ang pag-aaral ay naglalayong ilarawan ang varayti ng wika sa wikang Sugbuanun'g Binisaya ayon sa anyong morpolohikal na ginagamit ng Hilagang Cebu. Tiniyak na mailahad ang mga sumusunod: 1) mga salita; 2) kahulugan; 3) kaurian ng morpema; 4) kayarian ng salita; at 5) bahagi ng pananalita. Sanligan ng pag-aaral ang Teoryang Sosyolinggwistika at ginamit ang kwalitatibong pamamaraan ng pagsusuri sa mga datos na nakalap. Batay sa mapanuring pagsisiyasat, napag-alaman na may iba't ibang varayti ang wikang Sugbuanun'g Binisaya sa Hilagang Cebu ayon sa morpolohikal na anyo batay sa; ang mga salita ay may kanya-kanyang sariling varayti bunga ng sosyo-linggwistikong pakikipagtalastasan; may mga lugar na may parehong baybay at kahulugan ngunit may mga salita na iba ang baybay, iba ang pagbigkas at iba ang kahulugan; 3) ang lahat ng salita ay kakikitaan ng malayang morpema at d-malayang morpema; lahat ng mga salita ay nangingibabaw ang payak, maylapi at inuulit ngunit hindi kakikitaan ng tambalang salita; at napapalooban ng mga bahagi ng pananalita ayon sa pangnilalaman na pangngalan, pandiwa at pang-uri at kakikitaan din ng pangkayarian na pang-abay. Batay sa mga natuklasan, ang mga salita sa Hilagang Cebu ay may kanya-kanyang varayti na kung saan nakakabuo ng sariling salita at pagpapakahulugan na ginagamit sa pakikiisa, pakikilahok at pakikipagpalagayang-loob sa uri ng lipunang ginagalawan. Para sa ikauunlad pa ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod; bigyang tuon ang pagsusuri sa anyong ponolohikal at sintaktikal upang mas mailarawan ang katangian ng wikang Sugbuanun'g Binisaya sa Hilagang Cebu.

**Keywords:** *varayti, wikang Sugbuanun'g Binisaya, anyong morpolohikal, mga salita, kahulugan, uri ng morpema, kayarian ng salita at bahagi ng pananalita*

### I. INTRODUCTION

Wika ang tumataguyod sa paghahatid ng mensahe sa isang komunidad pangwika. Kung walang wika ay walang magaganap na komunikasyon. Hindi maikakaila na sa isang bansa ay tinataglay nito ang pag-iba-iba sa iba pang wika lalo na sa rehiyonal na wika. Ang varayti ng wika ay bahagi ng sosyolinggwistika na nararapat tuonan ng panahon dahil ayon kay Tollefson (1991) na nagbigay ng tepolohiya ng mga pangkat-wika batay sa mga katangiang istruktural ng mga varayti ng wika sa degri ng pagkamultilinggwal at sa gamit ng mga varyasyong ito (Kelman, 1991; Fishman, 1968; Kloss, 1968). Napakahalagang may kakayahan ang isang tao sa paggamit ng wika na naaayon sa lipunang ginagalawan upang maisakatuparan ang pagparating ng tamang mensahe. Patunay ang sinabi ni Saussure (1916) na nakabatay sa pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wika sa paniniwala ng mga linggwista ng pagiging pagkakaiba-iba ng wika at hindi kailanman pagkakatulad ng anumang wika (Bloomfield, 1918). Nararapat lamang na ang simbolong ginagamit ay naghahatid ng malinaw na kahulugan upang maunawaan ng taong tumatanggap ng mensahe. Ayon naman kay Archibald A. Hill, ang wika raw ay ang pangunahin at pinakaelaboreyt na anyo ng simbolikong gawaing pantao. Ang mga simbolong ito ay

binubuo ng mga tunog na nalilikha ng aparato sa pagsasalita at isinasaayos sa mga klase at pattern na lumilikha sa isang komplikado at simetrikal na istruktura. Ang mga simbolong ito ay mayroon ding kahulugang arbitrayo at kontrolado ng lipunan. Ibig sabihin ay may malaking papel na gingagampanan ang lipunan sa pagbabago ng wika at sa higit na pagkakaunawaan ng gumagamit nito.

Isa sa mga katangiang wika ay pagkamalikhain. Dahil ang wika ay ginagamit ng tao sa kanyang pakikipag-usap, maaari itong makabuo ng mga salita depende sa kanyang kausap upang magkaroon nang pagkakaunawaan. Nag-iba-iba ang bokabularyo ng wika upang matanggap ng lipunan. Nagkakabuklod ang lipunan dahil sa iisang wikang sinasalita at nagkakaintindihan sa kani-kanilang adhikain at mithiin sa buhay. Naging malikhain at masining ang tao sa pagpapahayag upang mas makakuha ng interes at maging kawili-wili sa kausap. Malaking naitutulong nito higit na mapadali ang pag-unawa at naihatid ang impormasyon.

Ang varayti ay nararapat na bigyang tuon na may malaking tungkulin ang wika sa bawat tao at maging sa lipunan. Saad ni Holmes (2001) ang varayti ay panggramatika at sumasaklaw sa iba't ibang realisasyon na ang wika ay bahagi na sa panlipunang konteksto. Kaya, masasabing likas na kaakibat ng wika ang varayti nito gawa ng iba't ibang pinagmulan at kakayahan ng komunidad pangwika. Ayon kay Corder (1973) ang komunidad pangwika ay binubuo ng mga taong sinasalita ang parehong wika. Sinang-ayunan naman ni Trudgill, (2003) ito ay pangkat ng mga gumagamit ng wika na may parehong kakayahan sa pagsasalita at ugaling panggramatika. Salungat sa pananaw na ito si Lavov (1972) na ang pangkomunidad pangwika ay hindi lang nakatuon sa kaanyuang panggramatika bagkus gumagamit ng parehong paniniwala sa larangan ng wika. Sa pamamagitan ng wika, nabubuo ang mabuting relasyon sa kapwa, napapaunlad ng tao ang kanyang sarili at nakatutulong din siya sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng iba. Dahil sa wika nakatatanggap at nakikibahagi siya sa kapwa ng bisang dala ng pagbabago sa kultura at kabihasan. Ang realisasyon ng kanyang mga pangarap bilang tao at ang pagtupad ng kanyang tungkulin bilang makabuluhang kasapi ng lipunan ay nakasalalay sa kanyang kakayahan sa paggamit ng wika. Ngunit napakahirap sa isang lugar na may isang wikang ginagamit sa lahat subalit may pagkakataon pa rin na hindi nagkakaunawaan dulot ng iba-ibang tunog sa pagbigkas at may pagkakaiba rin sa pagbuo ng salita. Ganito ang katangian ng wika sa siyudad ng Cebu lalo sa bahaging North, Sentro at South. Iba-iba ang baybay ngunit pareho lang ang kahulugan.

Ang Cebuano ay katutubong wika ng isla ng Cebu sa Pilipinas, at ito siyang itinuturing na lingua franca o pangunahing wika ng Katimugang Pilipinas. Bilang ika-47 na nangungunang wika sa mundo, ito ay isang lagapan na wika sa Pilipinas na mapapatunayan ng dami ng mga migranteng pangkat-etnikong Pilipino na nagsasalita nito, pati na rin ng mga dayuhang pangkat-etniko sa iba't ibang mga bahagi ng mundo. Isang wikang Austronesian tulad ng marami pang ibang wika sa Pilipinas, ang Cebuano ay gumagamit ng isang alpabetong latin na katinig at 4 na patinig, at ito ay isang wika na ang pagkakasunod ng pangungusap ay pandiwa simuno layon (verb subject object), kung saan ang unang kataga sa pangungusap ay siyang binibigyang-diin. Ayon kay Endriga (2011) ang Cebuano na kung tawagin ng mga katutubong tagapagsalita na Sugbuanon ay ikalawa sa pinakamalaking wika na sinasalita sa Pilipinas sa may humigit-kumulang sa 20 milyong mga nagsasalita nito bilang kanilang unang wika at 11 milyong mga nagsasalita nito bilang kanilang pangalawang wika.

Ang wikang Cebuano ay tinatawag ding Sebuano or Sugbuanon, isa sa mga napakahalagang wika sa Pilipinas kasama sa Tagalog at Filipino. Ang pangalang "Cebuano" ay mula sa isla ng Cebu, tahanan ng pinakamalaking metropolitan areas sa bansa. Itinuturing ang wikang Cebuano bilang miyembro ng Western o Indonesian subgroup sa pamilya ng mga wikang Austronesian o Malayo-Polynesian. Ang ibang linguwista ay itinuturing ang Cebuano bilang dayalekto ng Visayan gaya Hiligaynon at Waray na talagang nagkakaugnay. Sinasalamin ng wika ang kinagisnan at kultura ng mga taong naninirahan. Sabi ni Salazar, ang wika ay lipunan at kuhanan ng kultura. Nagpapahiwatig ito na may kaugnayan ang kultura at wika. Sa bawat lugar na mapupuntahan ng tao may iba't ibang kultura na napapaloob sa wika na ginagamit nila. Gaya ng Cebu ang mga taong nakatira ay tinatawag na Cebuano at ang kanilang wika ay tinatawag na wikang Sugbuanon.

Ang Cebuano ay isa sa mga tinatayang 70 hanggang 75 na mga wikang indigenous na makikita sa buong isla ng Pilipinas. Tagalog, Cebuano at Ilokano ay siyang bumubuo sa pinakamalaking pangkat ng komunidad pangwika (BBC, 2014; CIA, 2014; Philippine Statistics Authority, 2014). Ang mga wikang ito ng Pilipinas ay hinahati sa dalawang pangunahing kategorya: Central o kilala sa tawag na Mesophilippine; at northern na kilala bilang Cordilleran. May sapat na bilang naman sa maliliit na pangkat ng linggwistik na nabubuhay bilang karagdagan sa dalawang ito.

Ang Cebuano ay sinasalita sa 14.5 milyong katao sa Philippines, o nasa 25% na populasyon. Napapansin ng mananaliksik na may iba't ibang terminosa pagsasalita ang mga tao sa lugar na ito. May iba silang varayti sa pagsasalita, ganoon din sa pagkagamit ng mga salita. Ang Cebuano ay isang varayti ng wika magkasimpantay ang kakayahan degri nito sa iba pang Visayan na varayti, ngunit inuuri bilang wika na may sariling karapatang-ari (Thompson, 2003). Ang bawat tao ay may kanya-kanyang varayti sa kanyang pagsasalita, lalo na kapag naimpluwensyahan siya sa kanyang kapaligiran. May mga salik na nakakaapekto sa bawat varayti, ang kasaysayan sa kanilang lugar, kultura at paniniwala. Dahil ang wika ay sinasalita ng tao at hindi maiiwasan na makapagbuo siya ng mga bagong salita gaya ng mga salita ng mga bakla. Maaari ding ang mga salitang ito ay maging kulturang popular na gagamitin ng tao. Lulubog-lilitaw na mga salita na hindi

namamalayan. Patunay nito ang pag-aaral ni Briones na naglalayong mailahad at masusuri ang varayti ng Wika sa Sinugbuanong Binisaya sa kanilang pagsasalita ngunit hindi natuonan varayti ng wika sa bawat malalaking bahagi ng Cebu.

Kung kaya, 158ang pag-aaral na ito ay bibigyang tuon ang paglalawan sa iba't ibang varayti ayon sa anyong morpolohikal ng wikang Sugbuanon sa Hilagang Cebu. Hangad ng mananaliksik na maunawaan ng mga taga-Cebu ang iba't ibang varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya na ginagamit ng mga Cebuano nang sa gayon maiwasan ang kalituhan at agam-agam sa pang-unawa. At higit sa lahat, matulungan ang hindi katutubong mananalita na maintindihan ang wikang nabanggit sa kanilang pananalita lalo na sa pagbuo ng salita at pangungusap.

## II. OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pag-aaral ay naglalayong ilarawan ang varayti ng wika sa wikang Sugbuanun'g Binisaya ayon sa anyong morpolohikal na ginagamit ng Hilagang Cebu. Tinitiyakna mailahad ang mga sumusunod: 1) mga salita; 2) kahulugan; 3) kaurian ng morpema; 4) kayarian ng salita; at 5) bahagi ng pananalita.

## III. MATERIALS AND METHODS

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay ginamit ng kwalitatibong palarawang disenyo upang maipaliwanag ang iba't ibang varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya sa Hilagang panig ng Cebu. Dahil nakatuon sa aktuwal na usapan ng mga kalahok ang pag-aaral ay pawing mga sagot lang nila ang gagamitin sa pag-aaral at bibigyang kahulugan sa wikang Filipino upang higit na maunawaan ang kolektibong kahulugan ng datos.

Ginamit ng pag-aaral ang katutubong pamamaraan ng pananaliksik na patanung-tanong at pakikipagkuwentuhan sa mga piling mamamayan mula sa Hilagang Cebu. Ang ginawang panayam ay isang di pormal upang mas magiging malaya ang tagatugon sa pagsagot ayon sa kanilang kagustuhan.

### Tagatugon ng Pag-aaral

Tigilimang katao ang kinapanayam sa bawat lugar ukol sa pakikipagtalastasan ayon sa paraan ng pagbati, pagpapakilala, pagbibigay direksyon, pakikipagtransaksyon at mga tradisyon. Nasa edad mula 50 taong gulang hanggang pataas ang tatanungin. Nang dahil ang paksa ng pag-aaral ay paglikom ng mga salita na may kinalaman sa wikang Sugbuanun'g Binisaya, minarapat ng mananaliksik na matatanda ang magiging tagatugon. Sila rin ang napili dahil mas malalim ang kanilang kaalaman at karanasan sa wikang pinag-aralan. Narito ang talahanayan sa kabuuang bilang sa nakapanayam.

### Paraan ng Paglikom ng Datos

Nagsagawa ng panayam ang mga mananaliksik sa mga piling mamamayan mula sa Hilagang Cebu. Nakapaloob sa panayam ang mga tanong ukol sa paraan ng pagbati, pagpapakilala, pagbibigay direksyon, pakikipagtransaksyon at mga tradisyon ng mga mamamayan. Ang ginawang panayam ay isang patanung-tanong sa mga makikitang matatanda sa matataong lugar tulad ng simbahan, lansangan at palengke. Titiyakin ng mananaliksik na maipaalam sa mga tagatugon ang pakay at layunin ng pag-aaral bago magtanong. Ginamit ng "audio recorder" ang mananaliksik sa panayam na gagawin upang matiyak na makuha ang lahat ng sagot at impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral.

Pagkatapos maisagawa ang panayam ay tinipon ang mga salita at hinanay ayon sa lugar. Isa-isang itinala ang mga salita at pangungusap ayon sa katangian nito: anyong morpolohikal at sintaktikal. Pagkatapos maisagawa ang transkripsyon ng mga salita gamit ang "audio recorder" ay inilagay sa isang CD upang mapangalagaan ang wika at makilala pa ito sa tulong ng pag-display nito sa CNU museum.

Isinagawa rin ang balidasyon sa tulong ng eksperto sa larangan ng wikang Sugbuanun'g Binisaya upang matiyak ang kaangkupan ng mga terminong nasaliksik at maging ang pangungusap. Iniisa-isa ng eksperto ang mga naihanay na datos ayon sa katangian nito at sinuri kung likas na wikang Sugbuanun'g Binisaya ang nakalap. Nang matiyak ang kaangkupan ng datos na nakalap ay isinagawa na ang pagsusuri ng mga datos ng mananaliksik na inilalarawan sa ibaba.

Isa-isang sinuri ang mga sagot ayon sa anyong morpolohikal na kahulugan upang maipakita ang varayti ng mga salita. Hinati sa limang kategorya ang pagsusuri sa tulong ng talahanayan ayon sa impluwensya ng dimensyong heograpikal sa paggamit ng komunidad pangwika. Gumamit din ng koda sa mga lugar gaya ng Lilo-an (Li.), Compostela (Com.) Danao (Dan.), Carmen (Car.), Catmon (Cat.), Sugod (Su.), Borbon (Bor.), Bogo (Bo.), Medellin (Med.), Daan Bantayan (DB.), at Bantayan Island (BI). Narito ang deskriptibong talahanayan sa gagawing pagsusuri ayon sa limang bahagi

## Talahanayan 1

## Anyong Morplohikal – Lilo-an (Li.), Compostela (Com.), at Danao (Dan.)

Wikang Sugbuanun'g Binisaya	Salin sa Filipino	Uri ng Morpema		Kayarian	Bahagi ng Pananalita
		Malaya	Di - Malaya		
buslot (Li.), buho (Com.) at bito (Dan.)	butas	buslot (Li.) buho (Com.) bito (Dan.)	-	payak	pang-uri
paglakaw	paglakad	Lakaw	pag-	maylapi	pandiwa
daghan Li., Dan.) dako (Com.)	dami laki	daghan (Li., Dan.) dako (Com.)	-	payak	pang-uri
kuwarta (Li.), kwarta (Com.) cuarta (Dan.)	pera	kuwarta (Li.) kwarta (Com.) cuarta (Dan.)	-	payak	pangngalan
dalit (Li.), hatag (Com., Dan.)	alay bigay	dalit (Li.) hatag (Com.,Dan.)	-	payak	pangngalan
magduwa	maglaro	Duwa	mag-	maylapi	pandiwa
isuroy (Li.,Com.) ibaligya (Dan.)	ilako magbenta	suroy (Li.,Com.) baligya (Dan.)	i- mag-	maylapi	pandiwa
makatultol	matunton	Tultol	maka-	maylapi	pandiwa
kahibalo	alam	Hibalo	ka-	maylapi	pangngalan
manlingkod (Li.) manglingkod (Com., Dan.)	umupo	Lingcod	mang-	maylapi	pandiwa
nagtabi	nag-uusap	Tabi	nag- -in, -han	maylapi	pandiwa
managan	tatakbo	Dagan	mang-	maylapi	pandiwa
maulaw	mahiya	Ulaw	ma-	maylapi	pang-uri
uban	iba	Uban	-	payak	ingklitik
bata	sanggol	Bata	-	payak	pangngalan
manlihi	manglilahi	Lihi	mu-	maylapi	pangngalan
maningkamot (Li., Dan.) magkugi (Com.)	magsumikap magsikap	ningkamot (Li.,Dan.) kugi (Com.)	ma- -um mag-	maylapi	pandiwa
makuhaan (Com.) makwaan (Li.,Dan.)	maibsan	kuha (Com.) kwa (Li., Dan.)	ma-,-an	maylapi	pang-uri
nagama	nagawa	Gama	na-	maylapi	pandiwa
magsinabtanay	mag- intindahan	Sabot	mag- -in, -ay	maylapi	pandiwa
isug	matapang	Isug	-	payak	pang-uri

Makikita sa talahanayan 1 na halos magkakatulad lamang sa kayarian at bahagi ng pananalita ngunit nagkakaiba sa baybay na may pagkakaiba at pagkakapareho ng kahulugan alinsunod sa pagbuo ng morpema sa mga lalawigan ng Lilo-an (Li.), Compostela (Com.) at Danao (Dan.) ay Inilalarawan din sa bahaging ito na mayroong mga salita nagkakaiba sa baybay bunga ng pagkakaltas ng ponema at pag-aasimila ng morpema ngunit hindi nagbabago ang kahulugan at gamit nito sa pakikipagtalastasan.

Unang binibigyang pansin ang mga salitang magkaiba ang baybay ngunit magkakapareho lang ang kahulugan. Pansinin ang salitang *buslot* (butas) ay nagkakaiba ang baybay sa tatlong lalawigan. Ang *buslot* ay *buslot* (Li.) pa rin, *buho* (Com.) at *bito* (Dan.) na taglay ang parehong kahulugan. Maituturing na malayang morpema ang salitang *buslot* dahil nagtataglay ito ng buong diwa. Ito ay salitang payak na nagtataglay ng isang kahulugan. Ginagamit ang salitang ito bilang pang-uri na naglalarawan sa isang bagay.

Ang salitang *kuwarta* (Li.), *kwarta* (Com.) at *cuarta* (Dan.) ay magkapareho ang kahulugan at pareho rin ng sitwasyon ang paggamit nito maliban sa pagbabago ng katinig na *k* sa *c*. Bagay na hindi na nakapagtataka sapagkat ang Ortograpiyang Sugbuanun'g ay may halong Tagalog at impluwensya ng Kastila. Dagdag pa nito, ang katutubong wikang Sugbuanun'g Binisaya ay nakasandig sa lingua franca ng bansa at hindi rin maiiwasan na

sa tagal na pagsakop ng mga Kastila ay hindi pa rin nawawala ang paggamit ng mga mamamayan sa salitang *cuarta* sa Danao. Kung titingnan ang pagkakabuo ng salita ay ipinapakita rito ang ebolusyon ng wika at impluwensya ng dayuhang mananakop. Una ang salitang *kuwarta* ay nakasunod sa tuntunin ng Ortograpiya sa wikang Sugbuanun'g Binisaya na walang pagkakaltas sa ponema. Habang sa salitang kwarta naman sa Compostela ay may nagaganap na pagkakaltas sa ponemang *u* na ibig sabihin ay naimpluwensyahan na ang mga mamamayan sa modernisasyon ng wika. Kung pakasuriin naman ang salitang *cuartasa* Danao ay nauuri sa wikang Kastila. Malinaw na nakatatak pa rin sa mga mamamayan ang impluwensya ng mga Kastila. Ang salitang *kuwarta* ay nauuri sa malayang morpema sapagkat taglay nito ang buong diwa. Tinaguriang payak na salita dahil may taglay na isang kahulugan ang *kuwarta*. Nasa pangngalan naman ito na nagsasaad ng pangngalang pamilang dahil tumutukoy ito sa bilang o dami ng bagay.

Pangalawang bigyang tuon ang mga salitang magkaiba ang baybay na magkaiba rin ang kahulugan gaya ng salitang *daghan* (Li.) habang *dako* (Dan. at Com.). Kapwa malayang morpema ang salitang *daghan* at *dako* ngunit magkaiba ang kahulugan nito. Ang *daghan* ay nagsasaad ng dami habang ang *dako* ang nagsasaad ng laki na parehong naglalarawan sa isang bagay. Nauuri sa payak ang dalawang salita sapagkat taglay nito ang buong diwa na nagsasaad ng dami at laki ng bagay. Naiiba rin ang baybay ng salitang *dalit* (Li.) at *hatag* (Com. at Dan.) nangangahulugang alay ang salitang *dalit* na ginagamit ng mga mamamayan kapag may bisitang dumating sa bahay. Ipinapakita rito ang kaugaliang paggalang ng mga Pilipino sa pagtanggap ng bisita. Samantalang ang *hatag* naman ay tumutukoy sa pagbibigay ng anumang bagay. Bagay na ikinaiiba sa *dalit* sapagkat maaaring kahit saan at kahit na anong sitwasyon gagamitin ang salitang ito. Hindi gaanong binibigyang diin ang kaasalan nito dahil nakadepende ang paggamit nito sa sitwasyong kinabibilangan. Maliwanag na nasa anyong malayang morpema, payak na salita at ang gamit nito ay pandiwa.

Hindi rin magkakatulad ang baybay ng isuroy (Li.) habang *ibaligya* (Dan. at Com.). Kung mapapansin, ang dalawang salita ay binubuo ng malayang morpema *nasuroy* at *baligya* at di-malayang morpema na *i*. Ang malayang morpema na suroy ay nagsasaad ng paglalako na ibig sabihin ay iniikot-ikot ng manlalako ang kanyang paninda kahit saan. Habang ang *baligya* naman ay nagbebenta ang tintera ng anumang bagay sa sariling tindahan. Sa kabilang banda, ang salitang *baligya* ay tumutukoy sa mga paninda. Ibig sabihin kung bahagi ng pananalita ang pag-uusapan ito ay isang pangngalan kung nasa anyong salitang-ugat at magiging pandiwa lamang ito kung kinakabitan na ng panlaping *i*. Magkaibang-magkaiba ang sitwasyon sa paggamit nito sapagkat sa *suroy* ay nilalakbay ng manlalako ang kanyang paninda at kailangan niyang sumigaw at mangumbinsi ng mga mamimili upang maubos ang kanyang mga nilalako samantalang ang *baligya* ay nakalagak lang lahat ng paninda sa isang lugar o tindahan na kung saan ang mga mamimili ang pumupunta para bumili. Ang di-malayang morpema o panlapi ay *i* na ikinakabit sa unahang bahagi ng salita na nagsasaad ng pawatas na nagsasaad naman na maaaring ginagawa pa o gagawin pa lang ang kilos na pagtitinda o paglalako. Tinuturing na maylapi ang salitang *isuroy* at *ibaligya* na nagsasaad ng panibagong kahulugan na pagsagawa ng paglalako at pagtitinda. Malinaw na ang dalawang salita ay ginagamit ng mga mamamayan bilang pagsasakilos o isang pandiwa ang bahagi ng pananalita. Inilalarawan lamang na ang mga mamamayan ng Lilo-an ay madalas naglalako ng kanilang paninda sa kabahay-bahayan samantalang sa Compostela at Danao naman ay nagtitinda sa tindahan upang maibenta ang kanilang mga paninda. Nagpapakita rin ito na magkaiba ang kinahihiligan ng mga mamamayan sa Lilo-an kaysa Compostela at Danao sa larangan ng pagtitinda.

Naiiba rin ang baybay ng salitang *maningkamot* (Li., at Dan.) at *magkugi* (Com.) na kapwa magkakapareho sa kahulugan na *sikap* ngunit nagkakaiba sa pagkakabuo ng morpema na naging sanhi ng pagbabago ng kahulugang semantikal. Ang salitang *maningkamot* (Li., at Dan.) ay nagsasaad ng magsumikap na ibig sabihin ay binibigyang diin na kinakailangang gumawa ng ekstra na pagsisikap upang makamit ang ninanais sa buhay. Ang paggamit ng panlaping *ma at um* na nagtataglay ng pagbibigay diin sa salitang *sikap* na nagsasaad ng may pangangailangan habang ang salitang *magsikap* ay isinasaad ang pagsagawa ng kilos na walang pagbibigay diin na kinakailangan talaga. Dagdag pa, ang salitang *magkugi* ay nasa pawatas na anyo na maaaring nagsasagawa o magsasagawa pa ng kilos. Nakadepende ang paggamit ng salitang ito sa sitwasyon. Tinuturing na maylapi ang dalawang salita sapagkat ginagamitan ito ng panlapi na *ma* at *mag* na naging dahilan ng pagbabago ng gamit nito bilang pandiwa.

Panghuling pagkakaiba ng baybay ay pagkakaltas ng ponema ngunit hindi nagbabago ang kahulugan gaya ng mga salitang *kuwarta* (Li.) at kwarta (Com.), at makuhaan (Com.) at makwaan (Li. at Dan.) habang pagpapalit ng ponema naman ang manglingkod (Com. at Dan.), manlingkod (Li.). Nagaganap ang pagkakaltas ng ponema sa salitang-ugat at pagpapalit ng morpema sa panlaping bahagi ng salita.

Pansinin sa salitang *kuwarta* at *kwarta* na walang pagbabago ang kahulugan sa kabila ng pagkakaltas ng ponemang *u*. nagpapakita lang na ang mga mamamayan sa Compostela ay naimpluwensya sa pagpapaikli ng salita habang ang taga-Lilo-an ay nakasandig pa rin sa tuntunin ng Ortograpiya ng Sugbuanun'g Binisaya. Ganoon din ang nagaganap na pagkakaltas sa ponema *u* sa salitang makuhaan (Com.) at makwaan (Li. at Dan.). Kapuna-puna na nananatili ang kahulugan ng salitang *makuhaan* o *makwaan* na maibsan sapagkat malayang magaganap ang pagkakaltas ng mga ponemang patinig sa gramatikang Sugbuanun'g Binisaya bagay na ikinatutulad sa wikang Filipino. Ito ay pinangalan pagkatapos ng varayti ng wika sa isla ng Cebu na kilala sa

kanyang katangian na pagkakaltas sa /l/ sa pagitan ng patinig, halimbawa ay *sulod* na magiging *suod* (inside) (Wolff, 1969; Zorc, 1977). Binubuo ng malayang morpema ang salitang *makuhaannakuha* na ibig sabihin ay kunin. Isinasaad ang kilos na pagkuha sa isang bagay at kung ikakabit ang di-malayang morpema na *ma* ay magiging *makuha* na ibig sabihin naman ay paglalarawan. Kung ikakabit naman ang dalawang di-malayang morpema *nama* at *an* ay magiging *makuhaan* na nangngahulugang maibsan o mabawasan ang sakit na nararamdaman. Maliwanag na ang pagkakabit ng di-malayang morpema o panlapi ay nagdudulot ng pagbabago ng kahulugan ng salita mula sa salitang kilos patungo sa paglalarawan o pang-uri. Sa kabilang banda, hindi nakakaapekto sa kahulugan semantikal ang pagkakaltas ng ponemang *u* sapagkat buo pa rin diwa ng salita.

Sa salitang *manglingkod* ay binubuo ng malayang morpema na *lingkod* at di-malayang morpema na *mang*. Ang salitang *lingkod* ay mula sa salitang *lingkuranan* (S.B.) o upuan. Ibig sabihin ay ang mga salitang kilos ng wikang Sugbuanun'g Binisaya ay impluwensya rin ng paligid at ugnayan ng kilos sa isinasagawa ng tao. Dagdag pa, ang salitang *lingkod* ay nagsasaad ng upo o pag-upo ng tao gamit ang upuan o silya. Malinaw na taglay ng salita ang kilos ng tao. Kapag kinakabit ng panlaping *mangna* magiging *manglingkod* ay nagsasaad ng panibagong kahulugan na sinasaklaw ang pagpapaupo sa kabuuang tao sa paligid. Ibig sabihin, ang salitang ito ay ginagamit din sa pangmaramihan pagkilos sa pag-upo. Ang *manlingkod* naman ang ganoon pa rin ang kahulugan sa kabila ng pag-aasimila ng morpema mula sa *mang* patungo sa *man*. Tinatawag itong asimilasyon sa pagbabagong morpomonemiko na nagsasaad ng pagbabago sa kaligiran ng salita dulot ng impluwensya ng ponemang katinig na d, l, r, s, at t. sapagkat nagsisimula sa *l* ang salitang-ugat na *lingkod* kaya malayang nagpapalitan ng morpemang *mang* patungo sa *man*. Malinaw ring isinasaad na ang salitang *manlingkod* ay salitang kilos o pandiwa dahil nagsasaad ng paggawa ng kilos na pag-upo ng tao gamit ang upuan.

Sa kabuuan, masasabing ang pagkakaiba ng salita ng mga mamamayan sa Lilo-an, Compostela at Danao ay nagaganap sa pagkakaiba ng baybay at pagkakabuo ng morpema na naging sanhi ng pagbabago at hindi pagbabago ng kahulugan. Malinaw rin na ang mga komunidad pangwika sa Lilo-an ay mas naiiba ang pagkakabuo ng salita kaysa Compostela at Danao. Naglalarawan din ng iba't ibang uri ng pagbubuo ng salita na kinakabit ng panlapi sa iba't ibang posisyon ng salita gaya ng unahan, gitna, hulihan, kabilaan at laguhan. Patunay lang na ang varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya sa Hilagang Cebu ay nagkakaiba-iba ayon sa pagbubuo ng salita.

## Talahanayan 2

### Anyong Morpolohikal – Carmen (Car.), Catmon (Cat.) at Sugod (Su.)

Wikang Sugbuanun'g Binisaya	Salin sa Filipino	Uri ng Morpema		Kayarian	Bahagi ng Pananalita
		Malaya	Di - Malaya		
buho (Car.) lungag (Cat.), buslot (Su.)	butas	buho (Car.) lungag (Cat.) buslot (Su.)	-	payak	pang-uri
paglakaw (Car. Su.) paglakat (Cat.)	paglakad	lakaw (Car.Su.) lakat (Cat.)	pag-	maylapi	pandiwa
daghan	marami	daghan	-	payak	pang-uri
sapi (Car.) kwarta (Cat.), cuarta (Su.)	pera	sapi (Car.) cuarta (Su.), kwarta (Cat.)	-	payak	pangngalan
dalit (Car. Cat.), hatag (Su.)	bigay	dalit (Car.Cat.), hatag (Su.)	-	payak	pangngalan
magduwa	maglaro	duwa	mag-	maylapi	pandiwa
ibaligya (Car.), isuroy (Cat.Su.)	ilako	baligya suroy (Cat.Su.)	i-	maylapi	pandiwa
makadumdum (Car. Su.), makatultol (Cat.)	matunton	dumdum (Car. Su.)tultol (Cat.)	maka-	maylapi	pandiwa
kahibaw (Car. Su.) kahibalo (Cat.)	alam	hibaw (Car.,Su.) hibalo (Cat.)	ka-	maylapi	pangngalan
manglingkod (Car., Su.)manlingkod (Cat.)	umupo	lingkod	mang-	maylapi	pandiwa

nagsinultianay nagtabi (Cat.)	nag-uusap	sulti (Car., Su.) tabi (Cat.)	nag-, -in, -anay	laguhan	pandiwa
mangdagan	tatakbo	daagan	mang-	maylapi	pandiwa
mauwaw	mahiya	uwaw	ma-	maylapi	pang-uri
uban	iba	uban	-	payak	ingklitik
bata	sanggol	bata	-	payak	pangngalan
manlihi	manglilihi	lihi	mu-	maylapi	pangngalan
maningkamot (Car., Cat.) maninguha (Su.)	magsumikap	ningkamot (Car., Cat.) tinguha	mang-	maglapi	pang-uri
makwaan (Car., Su.) makuhaan (Cat.)	maibsan	kwa (Car., Su.) kuha (Cat.)	ma-, -an	kabilaan	pang-abay
nahimo (Car., Cat.) nagama (Su.)	nagawa	himo (Car., Cat.) gama (Su.)	na-	maylapi	pandiwa
magsinabtanay	mag-intindihan	sabot	mag-, -in, -ay	laguhan	pandiwa
isug	matapang	isug	-	payak	pang-uri

Matutunghayan sa talahanayan 2 na ang mga salitang naitala ay nagkakaiba ng baybay ngunit magkakapareho lang ang kahulugan sa mga lalawigan ng Carmen (Car.), Catmon (Cat.) at Sugod (Su.). Ang pagkakaiba nito ay makikita sa malayang morpema. Gayunpaman, sa kabila ng paglagay ng panlapi o di-malayang morpema, hindi pa rin naapektuhan ang kahulugan ng salita. Kapansin-pansin din ang mga salitang naiiba sa mga naunang nabanggit na lalawigan gayon din ang pagkakaltas ng ponema na hindi nakapagbabago ng kahulugan.

Ang unang mga salita na nagkakaiba ang baybay gaya ng *buhò* (Car.), *lungag* (Cat.), at *buslot* (Su.) ay magkakatulad lang sa naunang nabanggit na lalawigan maliban sa *lungag* (Cat.). Kapansin-pansin na magkakahawig ang gamit ng salitang *buhò* (Car.), *lungag* (Cat.) at *buslot* (Su.) dahil nagsasaad ng butas ng isang bagay ngunit maaaring gagamitin sa ibang sitwasyon. Halimbawa nito ang *lungag* (Cat.) ay nagsasaad ng pinakamalaking hugis ng butas gaya ng *lungag* (Cat.) ng lupa gawa ng walang tigil na pag-ulan. Ang *buhò* (Car.) ay maaaring naglalarawan bagay na hindi gaanong malaki tulad butas ng dingding kaya tumutulo na ito kapag umuulan habang ang *buslot* ay nagsasaad lang ng hindi kalakihang bagay gaya ng supot na kapag may buslot ay nalalaglag ang laman nito. Isinasaad lang na nagkakaiba ang gamit ng salita ayon sa antas nito kaya, masasabing pinakamataas na anta sang *lungag* (Cat.) medyo mataas ang antas ng *buhò* (Car.) kaysa nasa ibaba ang *buslot* (Su.). Kung titingnan naman ang kaurian ng morpema, ang tatlong salita ay nagsasaad ng malayang morpema o salitang-ugat na may isang buong diwa at nasa anyong payak na ginagamit bilang pang-uri dahil naglalarawan ito sa mga bagay na nakikita o nahahawakan.

Sa salitang *paglakaw* (Car. at Su.) *paglakat* (Cat.) ay binubuo ng malayang morpema na *lakaw* (Car. at Su.) at *lakat* (Cat.) at di-malayang morpema na *pag-*. Mapapansin na ang malayang morpema sa dalawang lugar ay nagkakaiba sa baybay lalo na sa huling ponemang katinig na *w* at *t*. Masasabing ang ginagamit na salita ng dalawang lalawigan ang impluwensya sa kanilang pang-araw-araw na gawain sa buhay. Halimbawa ang malayang morpemang *lakaw* na nagsasaad ng kilos na lakad, nasa bahaging probinsya na ang Carmen at Sugod kaya kinagawian na ng mga mamamayan na maglakad papunta sa kanilang paroroonan. Maiuugnay ito sa salitang hakbang ang salitang *lakaw* (Car. at Su.) na maaaring naglalarawan din ng pag-alis ng tao. Samantalang ang *lakat* (Cat.) ay maiuugnay *sakatkat* na ibig sabihin ay akyat. Ang lugar ng Catmon ay napapaligiran ng matatarik na bundok at ang kabahayan ay malayo sa isa't isa. Kaya, kung pupunta ang mga tao sa kanilang kapitbahay ay kailangan pa nilang umakyat sa maraming upang mapuntahan ang ninanais. Kung kaya, ang *lakat*

(Cat.) ay ginagamit din sa pag-alis ng tao na nagsasaad din ng paghakang. Sa kabilang dako naman, ang salitang *lakaw* (Car. at Su.) at *lakat* (Cat.) kung kakabitan *pag-* ay nagkakaroon ng pagbabago ng kahulugan na maaaring naglalakad na o maglalakad pa. Itinuturing itong pawatas na anyo ng pandiwa na siyang ugat ng aspekto ng paggawa ng kilos. Ito ay isang maylapi dahil binubuo ng panlaping *pag-* na nasa posisyong unahan. Nasa pandiwa ang bahagi ng pananalita sapagkat ginagamit ito sa paggawa ng kilos ng tao.

Naiiba naman ang termino ng salitang *sapi* (Car.) kaysa *kwarta* (Cat.) at *cuarta* (Su.) na nagkakaiba lang sa ponemang katinig. Bagay na naglalarawan ng ibang kaligiran gaya ng salitang *sapi* (Car.) na nagsasaad pa rin ng pera gaya ng *kwarta* (Cat.) at *cuarta* (Su.). Ang ikinaiiba lang ng *sapi* (Car.) ay baybay at maaaring maiugnay sa *bahandi* na salita na nagsasaad ng maperang tao o mayaman. Ibig sabihin ay nagpapakita ang salitang *sapi* (Car.) ng kayamanan. Habang ang *kwarta* (Cat.) at *cuarta* (Su.) ay naiiba lang sa ponemang katinig na *k* at *c* ngunit hindi nagbabago ang kahulugan. Isang pagkakaltas ng ponemang *ugaya* ng naunang nabanggit na mga lalawigan bunga ng impluwensya ng pagpapaikli. Kinagawian na ng mga Cebuano ang pagpapaikli ng mga termino dulot na rin uri ng diin nito na mabilis at maragsa o matigas. Samantalang ang *cuarta* (Su.) ay gumagamit pa rin ng wikang Kastila, patunay lang na hindi pa rin naialis sa kaalaman ng mga mamamayan ang natutuhan noon. Gayunpaman, pareho lang kahulugan ng dalawang salita sa kabila ng pagkakaltas ng ponema. Maituturing na malayang morpema ang *kwarta* (Cat.) at *cuarta* (Su.) sapagkat nagsasaad ito ng tiyak na kahulugan na pera. Nasa anyong payak ang dalawang salita na nagsasaad ng buong diwa at ginagamit ito bilang pangngalang pamilang dahil tumuturing ito sa pagbibilang.

Hindi naman naiiba ang salitang *dalit* (Car. Cat.), *hatag* (Su.) sa naunang nabanggit na lalawigan. Kapwa ginagamit ito sa pagbibigay ng isang bagay. Nasa anyong malayang morpema ang dalawang salita na may kapayakan na nagsasaad ng pagkilos. Kaya, ito ay isang pandiwa dahil nagsagawa ng kilos ang taong gumagamit nito. Nangangahulugan lang na ang nagkakapareho ang mga lalawigan ng Lilo-an (Li.), Compostela (Com.), at Danao (Dan.) sa Carmen (Car.), Catmon (Cat.) at Sugod (Su.). Sadyang inilalarawan na walang pagkakaiba sa termino at kahulugan ng salitang *dalit* at *hatag* sa mga nabanggit na lalawigan.

Naglalarawan din ng pagkakaiba ng mga terminong ginamit sa mga salitang *ibaligya* (Car.), *isuroy* (Cat.Su.). Gaya ng ng mga nabanggit na lalawigan ganito rin ang ginagamit ng mga mamamayan. Ibig sabihin ay nagaganap lang ang pag-iiba-iba sa pagbubuo ng salita na hindi nakakaapekto sa kahulugan nito. Nabanggit na sa unahan na ang *ibaligya* (Car.), *isuroy* (Cat.Su.) ay ginagamit sa magkakaibang sitwasyon sapagkat ang salitang *baligya* ay tumutukoy sa mga paninda mismo habang ang *suroy* (Cat.Su.) ay tumuturing sa pagsasakilos sa tulong ng paglalako ng mga paninda upang maibenta. Isinasaad na gumagamit ng magkakaibang termino ng malayang morpema na *baligya* (Car.), *suroy* (Cat.Su.) na naging sanhi ng pagkakaiba ng gamit dulot na rin paggamit sa magkaibang sitwasyon. Ang di-malayang morpema *nai-* ay naging sanhi ng pagbabago ng gamit ng salita bilang pandiwa. Kung hindi ito nilalapan sa unahan ay magkakaiba talaga ang nais iparating ng dalawang salita. Dagdag pa nito, ang salitang *baligya* (Car.) ay isang pangngalan at nagiging pandiwa lamang ito nang ikinabit ang panlaping *i-*. Isang katotohanan na may mga salita sa wikang Sugbuanun'g Binisaya na nagbabago ang gamit gawa ng paglalapi.

Kitang-kita rin ang pagkakaiba sa pagkakabuo ng salita ng *makadumdum* (Car. Su.), *makatultol* (Cat.) na maliwanag na naiiba sa mga naunang nabanggit ang *makadumdum* (Car. Su.).Ang dalawang salita ay binubuo ng malayang morpemang *dumdum* (Car.Su.)*attultol* (Cat.) at di-malayang *maka-*.Ang salitang *dumdum* (Car.Su.)ay nagsasaad ng pagtunton at maiugnay ito sa pagkaala-ala. Sa madaling sabi, nagsasaad ito ng pagunita ng tao sa isang pangyayari. Ipinapakita na nagmumula mga salita sa komunidad pangwika sa kung ano ang ikinikilos at ginagawa ng tao sa araw-araw na buhay. Gaya ng salitang *dumdum* (Car.Su.)na may kinalaman sa pagunita ng tao sa isang lugar at hindi paglimot upang hindi mawaglit sa kanilang isipan. Magaling din ang mga tao sa probinsya sa pagunita dahil mayroon lang silang isang bagay na itinatak sa isip tulad ng isang lugar. Kaya hindi nila malilimutan at talagang matunton ng mga tao ang nais pupuntahan dahil mas pokus ang mga taga-probinsya kaysa siyudad sapagkat wala gaanong impluwensya sa paligid gaya ng mga gadyet. Ang panlaping *maka-* ay ginagamit sa salitang makangalan subalit magiging pandiwa ang gamit nito.

Sa salitang *kahibaw* (Car. Su.)*atkahibalo* (Cat.) ay kapwa binubuo ng malayang morpema na hibaw (Car. Su.)*at hibalo* (Cat.). Ang salitang *hibaw* (Car.Su.)ay naiiba lang sa ginamit na ponemang katinig sa hulihan na *w* habang sa *hibalo* (Cat.) ngunit hindi nagbabago ang kahulugan. Masasabing ang mga mamamayan sa Carmen at Sugod ay gumagamit ng katutubong wika nila dahil mahilig sa pagtatapos ng salita ang taga-hilaga ng *w*. Samantalang sa Catmon naman ay katulad sa mga naunang nabanggit na lalawigan na gumagamit ng patinig na *o* na masasabing sumusunod sa Ortograpiya ng Sugbuanun'g Binisaya at maaaring impluwensya na rin sa katimugang bahagi ng Cebu. Ang di-malayang morpema *naka-* ay nagdudulot ng pagbabago ng kahulugan ng dalawang salita mula sa alam na nagsasaad ng pangngalan ay nagiging panlaping makangalan na tumutukoy sa kabuuang kaalaman ng tao. Gayunpaman, nasa anyong pangngalan pa rin ito sa kabila ng pagkabit ng panlapi, kaya masasabing napanatili ang kahulugan ng salita. Sa kabilang banda ang salitang *manglingkod* (Car., Su.) at *manlingkod* (Cat.) ay binubuo ng malayang morpema at di-malayang morpema. Ang malayang morpema *nalingkod* (Car., Su.) at *linkod* (Cat.) ay katulad sa nabanggit na mga lalawigan ang kahulugan nito. Nagkakaiba lang ang dalawa bunga ng pag-aasimila ng ponemang mang patungo sa man. Nagkakaroon ng pagbabagong sa



morpema dulot ng impluwensya sa kaligiran ng salitang-ugat na nagsisimula sa d, l, r, s, at t. Ang di-malayang morpema na *mang-* ay naghahatid ng panibagong kahulugan ng salitang upo sa pag-upo. Ang panlaping nasa unahang posisyon ay nakapag-iiba ng kahulugan at gamit nito bilang pandiwa.

Talagang nagkakaiba rin sa pagbubuo ng salitang *nagsinultianay* (Car. at Su.) at *nagtabi* (Cat.) gayundin ang pag-iiba-iba ng pagbuo ng morpema. Magkakaiba sa katawagan ang Carmen at Sugod kaysa Catmon. Binubuo ng magkaibang malayang morpema *nasulti* (Car. at Su.) *tabi* (Cat.) at magkakaiba rin sa kahulugan nito. Ang salitang *sulti* (Car. at Su.) ay nagsasaad ng pagsasalita ng tao sa isa o sa marami pa. Nagsasaad ito ng pagkilos sa pagbigkas at pagpapahayag. Samantalang nagkakaiba ang kahulugan nito kung lalapatan ng di-malayang morpema na *nag-*, *in*, at *ay*. Nasa laguhan ang uri ng maylapi ang salitang ito dahil naglalarawan ng tatlong posisyon sa paglalapi; unahan, gitna at hulihan. Sa paglalapi ng salitang-ugat na *sulti* nag-iiba na ang sitwasyon sa paggamit kaya mas nagiging malalim ang kahulugan nito. Ibig sabihin, ang *nagsinultianay* ay ginagamit sa pag-uusap ng isang pangkat o maraming tao. Halimbawa, *nagsinultianay* sila pagkatapos mapanood ang pelikula. Ibig sabihin, nagbabahagian sila ng karanasan sa pinanood na pelikula. Sa ganitong kalagayan, nagpapakita na ang salitang *nagsinultianay* (Car. at Su.) ay ginagamit sa isang seryosong sitwasyon at malalim ang pinag-uusapan. Sa kabilang banda naman, ang *nagtabi* (Cat.) ay tumutukoy sa pang-araw-araw na pag-uusap ng mga mamamayan. Maiuugnay ito sa tsismis ng mga tao sa isang bagay at madalas ginagamit ito kung hindi nararapat gawin ang kilos. Katulad na lang sa isang sitwasyon na mayroong nagsasalita sa harap ng klase ngunit abala rin ang iba sa pakikipag-usap sa iba. Sa madaling sabi, ginagamit ang *nagsinultianay* (Car. at Su.) sa isang pormal na okasyon o usapan na may tiyak na tinalakay habang *nagtabi* (Cat.) sa di-pormal na usapan at maaaring kahit na anong bagay ang pinag-uusapan. Sa kabilang dako rin, ang salitang *nagsinultianay* (Car. at Su.) ay may ikinaiibang panlapi gaya ng *-ay* na matatagpuan sa hulihang bahagi ng salita gaya ng *magsinabtanay* (mag-uunawaan), *mag-estoryahanay* (mag-uusap nang masinsinan) at marami pang iba.

Inilalarawan din sa salitang *maningkamot* (Car., Cat.) at *maninguha* (Su.) ang ikinaiiba ayon sa baybay nito. Gaya ng nabanggit na mga lalawigan ginagamit din ang salitang *maningkamot* (Car., Cat.) na ibig sabihin ay pareho lang ang kaalaman ng mga tao ngunit iba naman ang termino na *maninguha* (Su.). Binubuo ng magkakaibang malayang morpema *nankingamot* (Car., Cat.) at *tinguha* (Su.) at parehong di-malayang morpema na *ma-*. Ito ay nagiging dahilan ng pagbabago ng gamit ng salita mula sa pangngalan ay nagiging pang-uri.

Nabanggit na sa unahan na ang salitang *maningkamot* (Car., Cat.) ay ginagamit din habang ang salitang *maninguha* (Su.) ay naiiba. Binubuo ang dalawang salita ng malayang morpema *nankingamot* (Car., Cat.) at *tinguha* (Su.). Gaya ng nabanggit na ang salitang *ningkamot* (Car., Cat.) ay naglalarawan ng pagsusumikap sa para maabot ang minimithi sa buhay. Ito ay may kaugnayan sa salitang *kamot*, kamay sa Filipino na siyang isa sa mga gumagawa ng paraan para masungkit ang pangarap ng tao. Inilalahad lang na ang pagkilos ay kaakibat ang kamay para matamo ang ninanais. Sa katunayan, ang mga taong *nankingamot*, (nagsusumikap) ay nagbubuhos ng maraming pawis upang makamit ang kaginhawaan. Dagdag pa, ang mga taong nagsusumikap ay dumaranas nang matinding paghihirap upang makakita ng umaga. Sa kabilang banda, ang salitang *tinguha* (Su.) ay nagsasaad pa rin ng pagsisikap ngunit naiiba lamang ito sa pagpapakita ng kilos. Halimbawa na lang kapag sinasabing *maninguha ta aron mahuman tag dali*. Isinasaad dito ang bilis ng paggawa ng kilos para makuha ang gusto. Dagdag pa, kapag sinasabi *natinguha na diha* ay naglalarawan naman ito na kailangang magmamadali upang matapos ang mga ginagawa. Maiuugnay rin ang *tinguhasa* salitang *tumung* (tunguhin) ng tao sapagkat madali lang matamo ang tunguhin kung nilalayon mong makuha talaga. Kapwa panlaping *mang-* ang di-malayang morpema ang salitang *maningkamot* (Car., Cat.) at *maninguha* (Su.). Lamang naiiba ito sa nagaganap na pag-aasimila ng morpemang *mang-* patungo sa *man-* sapagkat nasa tuntunin na kapag nagsisimula ang salitang-ugat ng d, l, r, s, at t ay malayang nagpapalitan ng morpema. Isinasaad lang na ang dalawang salita ay binubuo ng panlaping nasa unahang posisyon na nagiging sanhi ng pagbabago ng gamit nito mula sa pangngalan patungo sa pang-uri.

Ang kasunod na mga salita gaya ng *nahimo* (Car., Cat.) at *nagama* (Su.) ay nagkakaiba sa baybay at maging sa kahulugan nito sa iba't ibang sitwasyon. Kapansin-pansin din na magkakatulad lang ang salitang ginamit ng Carmen at Catmon sa naunang nabanggit na lalawigan. Binubuo ng malayang morpema ang *nahimo* (Car., Cat.) *nahimo* at *nagama* (Su.) na *gama*. Ang salitang *himo* ay tumutukoy sa pagbuo ng isang bagay, maaari ring paggawa ng isang bagay at paglikha. Nagkakaiba-iba ang kahulugan ng dalawa sapagkat sa pagbuo, kinakailangan ng mga karikados gaya ng pagluluto ng tinapay habang sa paggawa naman ay kailangan ng mga materyales tulad ng paggawa ng bahay. Kung pag-uusapan naman ang paglikha, mula sa iniisip ng tao ay nakakalikha ng panibagong obra, yong tinatawag na sariling imbensyon. Ibig sabihin, ang salitang *himo* (Car., Cat.) ay may marami pang kahulugan ayon sa sitwasyon. Samantalang *gama* (Su.) ay naiiba naman sa kaantasan dahil mas mataas ang lalim ng kahulugan nito kaysa *himo*. Ito ay maaaring maiuugnay naman sa porma o hugis na nabuo sa isang bagay. Naglalarawan ito ng ganda at hindi kagandahan. Halimbawa sa pagporma ng tinapay, maganda ang pagkakabuo kaya masasabing maganda ang *gama* nito. Maaari ring maihalintulad sa resulta ng nalikhang bagay tulad ng nagawang painting. Makikita rin ang nilalaping di-malayang morpema sa dalawang salita na *na-*. na naging sanhi ng pagbabago ng kayarian bilang maylapi na ginagamit bilang pandiwa.

Nagtataglay ng parehong salitang ginagamit ang tatlong lalawigan *mangdagan* (Car., Cat., at Su.). Bagay na naiiba sa pagbubuo ng salita kaysa iba pang lalawigan nabanggit. Binubuo ng malayang morpema *nadagan* (Car., Cat., at Su.) na ibig sabihin ay takbo. Mula ang salitang *dagan* sa kilos na paghikbang mula sa kinaroroonan patungo sa ibang lugar. Nagsasaad ito ng mabilis na pagtakbo ng isang tao. Kung kakabitan naman ng di-malayang *mang-* ay nagsasaad na ito ng hindi pa paggawa ng kilos o nasa anyong pawatas na aspekto ng pandiwa. Ginagamit ito sa pangmaramihang pagtakbo gaya ng papaligsahan sa pagtakbo. Nasa anyong maylapi ito na nilalapan sa unahang bahagi ng salita at ginagamit bilang pandiwa na naglalarawan ng kilos o gawa.

Sadyang may pagkakaiba-iba ang mga salitang ginagamit sa mga naunang nabanggit kaysa Carmen, Catmon at Sugod. Mas marami ang mga salitang naiiba sa baybay at pagbubuo kaysa magkakapareho lang. Malinaw rin na ipinapakita na lahat ng mga salita ay nagtataglay ng pagkakapareho sa kayarian at bahagi ng pananalita kahit nagkakaiba man sa salitang-ugat na nilalapan.

### Talahanayan 3

#### Anyong Morpolohikal – Borbon (Bor.) at Bogo (Bo.)

Wikang Sugbuanun'g Binisaya	Salin sa Filipino	Uri ng Morpema		Kayarian	Bahagi ng Pananalita
		Malaya	Di - Malaya		
buho (Bor.) lungag (Bo.)	butas	buho (Bor.) lungag (Bo.)	-	payak	pang-uri
paglakat	paglakad	lakat	pag-	maylapi	pandiwa
daghan	marami	daghan	-	payak	pang-uri
cuarta (Bor.) sapi (Bo.)	pera	cuarta (Bor.) sapi (Bo.)	-	payak	pangngalan
dalit (Bor.) dunol (Bo.)	bigay	dalit (Bor.) dunol (Bo.)	-	payak	pangngalan
magdula	maglaro	dula	mag-	maylapi	pandiwa
itinda	ilako	tinda	i-	maylapi	pandiwa
makatultol	matunton	tultol	maka-	maylapi	pandiwa
kahibalo	alam	hibalo	ka-	maylapi	pangngalan
manglingkod	umupo	lingkod	mang-	maylapi	pandiwa
nagsinultianay (Bor.) nagtabi (Bo.)	nag-uusap	sulti (Bor.) tabi (Bo.)	nag-, -in, -ay nag-	laguhan	pandiwa
managan	tatakbo	dagan	mang-	maylapi	pandiwa
maulaw	mahiya	ulaw	ma-	maylapi	pang-uri
uban	iba	uban	-	payak	ingklitik
bata	sanggol	bata	-	payak	pangngalan
manlihi	manglilahi	lihi	mu-	maylapi	pangngalan
maningkamot	magsumikap	ningkamot	ma-	maglapi	pang-uri
makwaan (Bor.) makuhaan (Bo.)	maibsan	kwa (Bor.) kuha (Bo.)	ma-, -an	kabilaan	pang-abay
nagama	nagawa	gama	na-	maylapi	pandiwa
magsinabtanay	mag-intindihan	sabot	mag-, -in, -ay	laguhan	pandiwa
isug	matapang	isug	-	payak	pang-uri

Malilirip sa talahanayan 3 ang tinataglay na varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya sa dalawang lalawigan; Borbon (Bor.) at Bogo (Bo.). Ang mga salitang ginagamit ay pareho lang sa iba pang lalawigan ngunit tinitingnan dito ang pagkakaiba sa karatig lalawigan.

Sa naunang bahagi ng talahanayan, makikita pa rin ang salitang *buho* (Bor.) *lungag* (Bo.). Ang pinagkakaiba-iba ng salita ay sa pagitan ng *buho* at *lungag*. Ito ay itinuturing na malayang morpema dahil taglay ang buong diwa. Ang salitang *buho* (Bor.) ay naglalarawan ng mga maliliit na butas tulad ng butas karayom. Inihahatid nito na ang butas ang hindi gaanong kalakihan kaysa *lungag* (Bo.). Maaaring nagkakaiba-iba ang katawagan ng dalawang lugar sapagkat naaayon ito sa kanilang karanasan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kapansin-pansin na kapwa ginagamit na ang mga salita sa naunang nabanggit na lugar. Malinaw na may pagkakapareho sa varayti ng mga salitang nasa anyo ng malayang morpema. Nagsasaad pa rin ito ng payak na pagbuo ng salita sapagkat tinataglay ang buong diwa. Ito rin ay mga salitang pang-uri dahil naglalarawan ito sa isang bagay.

Kasunod naman ang pagkakaiba-iba ng salitang cuarta (Bor.) at sapi (Bo.) ayon pa rin sa baybay. Kapwa tumutukoy ang dalawa sa pera lamang maaaring nagkakaiba sa antas ng paggamit nito. Ang salitang cuarta (Bor.) ay mas madaling nauunawaan dahil ginagamit ito halos sa lahat ng mga lalawigang binanggit. Mapapansin na nakabaybay sa wikang Kastila na ibig sabihin ay nananatili pa rin sa lugar na ito ang impluwensya ng wika ng mananakop sa mahabang panahon. Samantalang ang salitang sapi (Bo.) ay nagsasaad ng yaman ng tao. Nangangahulugang ginagamit ang salitang noong unang panahon dahil sa mayaman na kung ituring ang mga tao kung may maraming *salapi* (pera). Sa sobrang hirap ng panahon noon na makahanap ng pera, tinitingala na ang tao kung marami ang pera. Isinasaad na kapwa pareho ang kahulugan ng malayang morpema na cuarta (Bor.) at sapi (Bo.), nagkakaiba lang sa baybay. Itinuturing isang payak ang dalawang salita sapagkat may isang buong diwa at ginagamit bilang pangangalan.

Mapapansin din ang pagkakaiba ng baybay ng salitang *dalit* (Bor.) *dunol* (Bo.) at nagkakaiba rin sa sitwasyon sa paggamit. Kung bibigyan ng pagpapakahulugan ang dalawang salita, mayroon itong pagkakaiba sa paraan ng paggawa ng kilos. Ang *dalit* ay nagsasaad ng handog ng tao sa isang tao. Kung may bisita ang mga Pilipino ay tipikal na naghahandog ng makakain. Minsan nga nangungutang pa ang may-ari ng bahay at natataranta kung walang handa kung may bisita dahil agad nilang iniisip na nakakahiya. Ang tingin ng may-ari ng bahay sa isang bisita ay napaka-epesyal na dapat masaya ang kanilang pagpunta sa kanilang tahanan. Habang ang *dunol* ay tumutukoy sa bigay na bagay sa kausap o taong humihingi ng bagay na ibinibigay. Kung tutuusin masasabing ang salitang ito ay may katiyakan kung ano ang bagay na ibibigay. Pumapatungkol talaga ito sa isang bagay na ibibigay. Ang dalawang salita ay isang payak ang pagkabuo sapagkat may isang mensahe ito. Nasa aspektong imperpektibo na pandiwa ang dalawang salita dahil nagsasaad ito ng kasalukuyang paggawa ng kilos.

Ang kasunod naman ay *nagsinultianay* (Bor.) at *nagtabi* (Bo.), gaya ng nabanggit na mga lugar sa unahan ay magkakapareho ang ginagamit na salita ngunit naiiba-iba lang ito sa sitwasyon. Ang salitang *nagsinultianay* (Bor.) ay binubuo ng malayang morpema *nasulti* na ibig sabihin ay ginagamitan ng bibig upang maipahayag ang nais sabihin. Ito ay ginagamit ng mga mamamayan sa pagsagot sa kausap o kung mayroong malayang talakayan. Samantalang ang salitang *nagtabi* (Bo.), ay nagtataglay ng malayang morpema *natabi*. Kung himay-himayin ang kahulugan ng salitang ito ay taglay ang iba't ibang ibig ipahiwatig sapagkat hindi gaano ito nauugnay sa labi ng tao. Ito ay ginagamit kung may pina-alis kang tao sa harap mo dahil ayaw mo siyang makausap o Makita. Maaari ring maiuugnay *sangabil* (labi) ang salita dahil kinakailangan ng tamang pagbuka at paglapit ng labi upang masabi nang angkop ang salita. Binubuo rin ng panlapi o di-malayang morpema ang salitang *nagsinultianay* (Bor.) *nanag-*, *-in*, at *ay*. Mapapansin na mayroong tatlong posisyon ang salita na nasa unahan, gitna at hulihan. Naiiba ang wikang Sugbuanun'g Binisaya sapagkat mayroong panlaping *-ay* na wala sa wikang Filipino. Nang dahil sa paglalapi sa anyong laguhan ay nagbabago ang kahulugan ng salitang *sulti*. Tumutukoy ang salitang *nagsinultianaysa* maraming taong nag-uusap at nagbabahagian matapos marinig ang isang panayam. Ibig sabihin ay lumalawak ang nais ipahiwatig nito dahil hindi lang ito tumatalakay sa pagsasalita bagkus sa nagsasalita mismo. Habang ang *nagtabi* ay maaaring gawin sa dalawang tao habang nakikinig sa nagsasalita sa harap. Madalas ginagawa ito sa mga estudyante habang nagtatalakay ang guro. Na ikinaiiba naman sa *nagsinultianay* sapagkat may permiso ang huling binanggit habang ang una ay medyo may paglabag na ginawa. Nasa anyong payak ang salita na kapwa nagsasaad ng pagsasalita. Tinatawag naman na payak ang dalawang salita dahil tumutukoy ito sa isang kahulugan na nagsasalita na tao.

Ang huling salita na may pagkakaiba ay *makwaan* (Bor.) at *makuhaan* (Bo.) na nagpapakita ng pagkakaltas ng ponema. Binanggit na sa unahang pagtatalakay na magkakaiba ang baybay ngunit hindi naman nagbabago ang kahulugan. Isinasaad na mahilig sa pagpapaikli ang mga mamamayan sa Borbon. Binubuo ito malayang morpema *nakwa* (Bor.) na tumuturing sa pagtanggap gaya rin ng salitang *kuha* (Bo.). Gayunpaman, kakikitaan ito ng pagkakaiba sa kahulugan sapagkat sa *kwa* mas nangingibabaw ang *wa* o wala. Nagsasaad rin ng pagtanggap ang *kwa* na ibig sabihin ay hindi pagsang-ayon. Nangangahulugang walang nakita o napansin samantalang ang *kuha* ay tinanggal talaga kaya hindi na nakikita. Kaya, masasabing tiyak ang kahulugan ng salitang *kuha* kaysa *kwa*. Ang dalawang salita ay binubuo rin ng di-malayang morpema o may paglalapi sa unahan na *ma-* at hulihan na *-an*. Nang dahil sa paglalapi ay nagbabago ang gamit ng salita mula sa pandiwa ay nagiging pang-uri na ito. Dagdag pa, ang salitang *makwaan* (Bor.) at *makuhaan* (Bo.) ay kapwa tumutukoy sa pagtanggap o pagkawala ng isang bagay. Inilalarawan na dito ang bagay na nawala dahil sa pagkuha o pagtanggap nito. Ang pagkakaibang ito ay patunay na mapahanggang ngayon ay gumagamit pa rin ang iilang mga lalawigang nabanggit sa palabaybayan ng wikang Kastila. Ayon kay Thompson (2003) sa kabila ng 300 taon na pananakop ng mga Kastila na hindi itinuro ang wikang Kastila, hindi pa rin maikakailang nag-iwan ng bakas sa kanilang wikang ayaw ituro sa mga Pilipino. Bagay na kapansin-pansin sa mga nabanggit na mga salita sa piling mga lalawigan na may impluwensya pa rin sa wikang Kastila ang wikang Sugbuanun'g Binisaya.

Sa kabuuan, ipinapakita lang na may pagkakaiba pa rin sa varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya sa baybay, uri ng morpema, kaurian at bahagi ng pananalita. Higit sa lahat, makikita na mayroong pagkakatulad sa iba pang lalawigang binanggit sapagkat ang mga taong naninirahan sa mga binanggit na lugar ay mga Cebuano.

## Talahanayan 4

## Anyong Morplohikal– Medellin (Med.) at Daan Bantayan (DB.)

Wikang Sugbuanon'g Binisaya	Salin sa Filipino	Uri ng Morpema		Kayarian	Bahagi ng Pananalita
		Malaya	Di - Malaya		
buslot	butas	buslot	-	payak	pang-uri
paglakaw (Med.) paglakat (DB.)	paglakad	lakaw (Med.) lakat (DB.)	pag-	maylapi	pandiwa
daghan	marami	daghan	-	payak	pang-uri
kwarta (Med.) cuarta (DB.)	pera	kwarta (Med.) cuarta (DB.)	-	payak	pangngalan
dunol	bigay	dunol	-	payak	pangngalan
magduwa (Med.) magdula (DB.)	maglaro	duwa (Med.) dula (DB.)	mag-	maylapi	pandiwa
ibaligya (Med.) itinda (DB.)	ilako	baligya (Med.) tinda (DB.)	i-	maylapi	pandiwa
makadumdum (Med.) makatultol (DB.)	matunton	dumdum (Med.) tultol (DB.)	maka-	maylapi	pandiwa
kahibaw (Med.) kahibalo (DB.)	alam	hibaw (Med.) hibalo (DB.)	ka-	maylapi	pangngalan
manglingkod	umupo	lingkod	mang-	maylapi	pandiwa
nagsinultianay (Med.) nagtabi (DB.)	nag-uusap	sulti (Med.) tabi	nag-, -in, -han	laguhan	pandiwa
mangdagan (Med.) managan (DB.)	tatakbo	dagan	mang-	maylapi	pandiwa
maulaw	mahiya	ulaw	ma-	maylapi	pang-uri
uban	iba	uban	-	payak	ingklitik
bata	sanggol	bata	-	payak	pangngalan
manlihi	manglilihi	lihi	mu-	maylapi	pangngalan
maningkamot (Med.) maninguha (DB.)	magsumikap	ningkamot (Med.) tinguha (DB.)	ma- mang-	maglapi	pang-uri
makuhaan	maibsan	kuha	ma-, -an	kabilaan	pang-abay
nagama (Med.) nahimo (DB.)	nagawa	gama (Med.) himo (DB.)	na-	maylapi	pandiwa
magsinabtanay	mag-intindihan	sabot	mag-, -in, -ay	laguhan	pandiwa
isug	matapang	isug	-	payak	pang-uri

Matutunghayan sa talahanayan 4 na walang ipinagkakaiba ang mga salitang ginagamit ng mga lalawigan ng Medellin (Med.) at Daan Bantayan (DB.). Makasingtulad lang sa iba pang lalawigan na mayroong pagkakatulad ng ponema at pag-aasimila ng morpema samantalang nagkakaiba pa rin pagbabaybay ng mga salita.

Katulad ng nabanggit na nangingibabaw ang mga salitang nagkakaiba ang baybay ngunit magkakapareho lang ang kahulugan. Sa mga salitang *paglakaw* (Med.) at *paglakat* (DB.) ay kapansin-pansin na kapwa binubuo ng malayang morpema at di-malayang morpema ngunit nagkakaiba lang sa huling katinig ng salitang-ugat. Ang malayang morpema na *lakaw* (Med.) at *lakat* (DB.) ay nagkakaiba lang ng huling katinig na

w at t. Gaya ng mga nabanggit na lalawigan magkakatulad din ng huling katinig. Ibig sabihin ay nagkakaugnay lang sa baybay ang bawat lalawigan sa Hilagang Cebu. Nagpapakita ito ng iisang pinagmulan dahil pareho lang ang kahulugan. Magkakapareho lang din sa di-malayang morpema na *pag-* nagsasaad ng hindi pa paggawa ng kilos na paglakad gaya na rin sa gramatikang Filipino na nasa anyong pawatas. Ipinapakita na binubuo ito ng panlaping nasa unahan kaya maituturing itong maylapi na salita na ginagamit bilang pandiwa.

Ang salitang *kwarta* (Med.) *cuarta* (DB.) ay katulad pa rin sa mga naunang nabanggit na lalawigan, magkakakaiba sa baybay ngunit magkakapareho sa kahulugan. Ang ikinaiba ng baybay ay paggamit ng ponemang katinig *k* at *c*. Malinaw na nagkakaroon ng leksikal na panghihiram mula sa wikang Kastila sa Daan Bantayan. Mapapansin din na ang salita ay malayang morpema na ginagamitan ng pagkakaltas ng ponemang katinig na *u* sa salitang *kwarta*. Isinasaad na may pagkakaltas mang nagaganap ngunit hindi pa rin nagbabago ang kahulugan ng salita. Binubuo ang dalawang salita ng payak o may isang kahulugan at ginagamit bilang pangngalan. Kasunod naman ang salitang *kahibaw* (Med.) at *kahibalo* (DB.) na nagkakaiba lang ang baybay sa huling pantig ng salitang-ugat. Kapwa magkakapareho sa kahulugan, kaurian ng morpema, kaanyuan at bahagi ng pananalita. Patunay lang na sa baybay lang nagkakaiba-iba ang mga salita sa wikang Sugbuanun'g Binisaya.

Kung mayroong mga salita na nagkakaiba sa huling pantig ng salitang-ugat, may mga salita ring nagkakaiba sa panlapi gaya ng *mangdagan* (Med.) at *managan* (DB.). Tinatawag itong pag-aasimila ng morpema na hindi naapektuhan ang kahulugan ng salita. Binanggit na sa unang pagtatalakay ang dahilan ng pagbabagong ito. Bagay na masasabi talagang mayroong pagkakaiba-iba sa termino sa mga lalawigan nabanggit ngunit hindi nakapagbabago ng kahulugan, uri, anyo at gamit nito.

*Kapuna-puna rin ang mga salitang magduwa* (Med.) at *magdula* (DB.) ay nagkakaiba lang sa huling pantig ng salitang-ugat dahil sa paggamit ng *wa* at *la*. Ang katangiang ito ay katulad din sa iba pang nabanggit na mga lalawigan. Nangangahulugan lang na malayang nagpapalitan sa wikang Sugbuanun'g Binisaya ang ponemang katinig na *w* at *l* kagaya rin sa *w* at *t*. Ang pagkakaibang ito ay nakakaapekto man sa kaligiran ngunit hindi naman sa kahulugan ng salita. Maliwanag na may mga salita sa wikang Sugbuanun'g Binisaya na nagkakaiba lang sa huling pantig ng salitang-ugat ngunit magkakapareho pa rin sa kaurian ng morpema, kaanyuan at bahagi ng pananalita.

Kakikitaan din ng mga salitang nagkakaiba talaga sa baybay dulot ng magkakaiba ang malayang morpema at di-malayang morpema gaya ng *ibaligya* (Med.) at *itinda* (DB.); *makadumdum* (Med.) at *makatultol* (DB.); *nagsinultianay* (Med.) at *nagtabi* (DB.); *maningkamot* (Med.) at *maninguha* (DB.); at *nagama* (Med.) at *nahimo* (DB.). Gaya ng nabanggit sa unahan, ang kaibahan sa pagbuo ng salita ay hindi pa rin nakakaapekto sa kahulugan ng salita, kaurian, kaanyuan at bahagi ng pananalita. Ibig ipahiwatig nito na napakayaman sa mga kasingkahulugan ng wikang Sugbuanun'g Binisaya na siyang naging sanhi ng taglay nitong pagkakaiba-iba. Patunay lang na ang wika ay malikhain at natatangi sa lahat dahil hindi ito nananatili sa kung ano ang anyo nito bagkus patuloy itong nagbabago alinsunod sa pagbabago ng kagustuhan ng mga taong gumagamit dulot na rin ng pagbabago sa kalakaran ng panahon. Makikita man na napakarami pa ring makalumang termino na ginagamit ang mamamayang Cebuano sa Hilagang Cebu, hindi pa rin ito nakahahadlang sa kanilang pagkakaunawaan.

Kaya, masasabing ang varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya ay ipinapakita sa pagkakaiba ng baybay at pagbubuo ng salita na malinaw na naglalarawan ng ikinatatangi ng wika nila. Habang nagkakaiba-iba rin ito sa kaanyuan ng salita na nagbubunga ng pagbabago ng bahagi ng pananalita. Higit sa lahat, marami pa ring mga salita na magkakatulad sa iba pang lalawigan gaya ng *maulaw*, *uban*, *bata at isug*. Patunay lang na ang pagkakaiba-iba ng mga salitang Sugbuanun'g Binisaya ay impluwensya ng hiyograpiyang kalagayan ng lalawigan na maaaring gawa ng pinagmumulan ng pagsambit ng salita gaya ng kanilang uri ng hanapbuhay.

## Talahanayan 5

### Anyong Morpolohikal – Bantayan Island (BI.)

Wikang Sugbuanun'g Binisaya	Salin sa Filipino	Uri ng Morpema		Kayarian	Bahagi ng Pananalita
		Malaya	Di - Malaya		
buslot	butas	buslot	-	payak	pang-uri
paglakat	paglakad	lakat	pag-	maylapi	pandiwa
damo	marami	damod	-	payak	pang-uri
kuarta	pera	kuarta	-	payak	pangngalan
dalit	bigay	dalit	-	payak	pangngalan
maghampang	maglaro	hampang	mag-	maylapi	pandiwa
ilibud	ilako	libod	i-	maylapi	pandiwa
makatuytuy	matunton	tuytuy	maka-	maylapi	pandiwa
kaantigo	alam	antigo	ka-	maylapi	pangngalan
manlurag	umupo	lurag	mang-	maylapi	pandiwa

nagsinultihan	nag-uusap	sulti	nag-, -in, -han	laguhan	pandiwa
mandyagan	tatakbo	dyagan	mang-	maylapi	pandiwa
maawo	mahiya	awo	ma-	maylapi	pang-uri
iban	iba	iban	-	payak	ingklitik
puya	sanggol	puya	-	payak	pangngalan
mulimo	manglilihi	limo	mu-	maylapi	pangngalan
maninguha	magsumikap	tinguha	ma-	maglapi	pang-uri
maiban- ibanan	maibsan	iban	ma-, -an	inuulit	pang-abay
naugmad	nagawa	ugmad	na-	maylapi	pandiwa
maghinaitay	mag-intindihan	haitay	mag-	maylapi	pandiwa
bakud	matapang	bakud	-	payak	pang-uri

Inilalahad sa talahanayan 5 ang nag-iisang lalawigan ng Bantayan Island na taglay ang kakaibang mga termino na ibang-iba sa iba pang lalawigan bahagi ng pag-aaral. Mapapansin ang mga termino na nagtataglay ng lalim na antas o diwa dahil hindi agad naiintindihan kung hindi kabisado ang wikang ito. Masasabing ang salitang nasa itaas ay taglay ang pagka-etniko o katutubong wika na mapahanggang ngayon ay inaalagaan ng mga mamamayan ng Isla sa Bantayan. Ang wika ay maaaring mahalaga o mas mahalagang tinitingnan sa isang pangkat-etniko (Trudgill, 1995). Patunay lang na sa pagsusuri ng wika ng pangkat-etniko, hindi maihiwalay ang pagtingin sa kultural na aspekto dahil ito ang simbolo ng kanilang identidad. Kaya, sa bahaging ito, mapapansin ang kakaibang mga termino na ginagamit sa komunidad pangwika.

Unang tatalakayin ang ikinaiiba na mga termino sa mga nabanggit na mga lalawigan. Ang salitang *damo* ay sa isang tingin ay tumutukoy sa damo (grass) na makikita sa lupa ngunit isinasaad nito ang dami ng bagay. Kung titingnan ang anyo, nasa malayang morpema ito na nagsasaad ng dami ng bagay. Subalit sa mga mamamayan, itinuturing nila *damo* kung umaapaw sa dami ang bagay na hindi mabilang gaya ng *damo* ng pera niya. Ito ay isang payak na salita sapagkat isinasaad nito ang isang kahulugan na dami. Sinundan naman ito ng salitang *maghampang* na tumutukoy sa maglaro. Sobrang malayo ang kahulugan nito sa anyo ng salita subalit ito ang ginagamit ng mga mamamayan. Binubuo ito ng malayang morpema *nahampang* na ibig sabihin ay laro. Tinutukoy na laro rito ay yaong naglalaro ang mga bata kaya hindi agad umuwi ng bahay dahil nahuhumaling sa laro ng kanilang kapwa bata. Habang nilalapan naman ito ng *mag*-na ginagamit bilang pawatas na aspekto ng pandiwa na binibigyang diin ang paggawa ng kilos na maaaring kasalukuyan o hindi pa nagawa. Ito ay isang pandiwa dahil tumatalakay ito sa kilos ng tao.

Kasunod naman ang salitang *ilibudna* nais ipahiwatig ang paglalako pa rin gaya ng naunang nabanggit na lalawigan ngunit nagkakaiba lang sa termino o baybay. Maaaring ginagamit ng mga mamamayan ang salitang ito sapagkat ang malayang morpema *nalibud* na mula sa salitang *libot* na ibig sabihin naman ay *suroy* o lako. Kung titingnan ang malayang morpema ay sobrang iba sa iba pang ginagamit na termino sa ibang lugar ngunit nagsasaad pa rin ng isang kahulugan. Dagdag pa nito ang salitang *libud* ay nagsasaad ng koneksyon. Mula sa unang lugar na paglalakbay patungo sa ibang lugar na paglalakbay upang mailako ang mga paninda. Halimbawa nito ay paglalako ng isda na mismong huli ng nila. Maiugnay rin ito sa salitang *libud-suroy* na tumutukoy naman sa magalang tao ngunit nagkakaiba lang dahil hindi nagtitinda ang taong *naglilibud-suroy*. Nilalapan ito ng panlaping *i*-na nasa unahang posisyon na naging sanhi ng pagbabago kahulugan nito mula sa pangngalan patungo sa pandiwa. Maituturing itong pandiwa na nasa anyong pawatas na nagtutuo sa kasalukuyang paggawa ng kilos o hindi pa. Mapapansin din na ang salitang *ilibud* ay may kinalaman sa kanilang panghanapbuhay na isang mangingisda. Madalas kasing nagtitinda ng kanilang huli ay sila pa rin upang kumita bukod sa may mauulam sila sa hapagkainan.

Naiiba rin ang salitang *makatuytuyna* binubuo ng malayang morpema na *tuytu*.

Nagsasaad pa rin ito ng matunton ngunit naiiba ang anyo ng di-malayang morpema *namaka*-. Sa gramatikang Filipino, ang panlaping *maka*- ay ginagamit lang sa panlaping makangalan o kung ang kinakabitan na salitang-ugat ay pangngalan. Sa kabilang dako, mapapansin na ang panlaping *maka*- ay ginagamit bilang pandiwa dahil nagsasaad ito ng pagkilos o paggawa.

Ang salitang *kaantigo* ay nagtataglay ng malayang morpema *naantigo* na tumutukoy naman sa alam. Sadyang naiiba talaga ang baybay ng salitang kaysa iba pang lalawigan. Mula sa pagiging pangngalan ang salitang *antigo* ay nanatili pa ring pangngalan kahit nilalapan ng di-malayang morpema na *ka*-. Mapapansin na ginagamit ang panlaping *ka*- sa salitang-ugat na pangngalan kagaya ng rin sa gramatikbang Filipino tulad ng kaalaman. Maituturing na malalim ang antas ng salitang ginagamit sa Bantayan island.

Ang salitang *manlurag naman* ay binubuo ng malayang morpema *nalurag* at di-malayang morpema na *mang*-. Maiugnay ang salitang *luragsaluray*, ibig sabihin ay tumagilid ang isang kahoy o halaman. Ginagamit naman ito sa paglalarawan ng mga mamamayan sa kanilang pananim lalo na pagkatapos ng bagyo. Madalas nangyayari ay halos lahat ng mga puno o maging pananim ng mga tao sa isla ay tumatagilid kaya pag-alala sa

kanilang mga mukha ay masisilayan. Kapag inuunlapihan naman ito ng di-malayang morpema *namang-* ay tumutukoy na ito sa pag-upo. Ibig sabihin mula sa salitang pang-uri na *lurag* ay nagiging pandiwa. Kaya, masasabing ang panlaping *maka-* ay ginagamit sa salitang kilos. Kung pagsama-samahin ang *maka-* at *lurag* ay magiging manlurag na nagpapakita ng pag-aasimila ng morpemang *mang-* tungo sa *man-* sapagkat kinakabitan ng salitang-ugat na nagsisimula sa *d, l, r, s,* at *t* kagaya ng iba pang lalawigan gaya ng *manglingkod* at *manlingkod*. Sa kabilang banda, tinatawag ng mga mamamayan ang pag-upo bilang *manlurag* dahil inilalarawan nila kung paano isinasakilos ang pag-upo ng tao.

Kung sa ibang lalawigan ay *nagsulti, nagtabi, nagsinultianay,* ang sa Bantayan Island naman ay *nagsinultihan*. Mapapansin na magkakapareho lamang sa malayang morpema na *sulti* samantalang nagkakaiba sa di-malayang morpema na *nag-, -in,* at *-han*. Sa puntong ito, ipinapakita na nagkakaroon ng varayti ng wikang Sugbuanun'g Binisaya gawa ng panlaping *-han*. Gayunpaman, hindi naman kakikitaan ng pagkakaiba ng kahulugan ang malayang morpema subalit nag-iiba ito sa paglalapi ng morpema partikular ang panlaping *-han*. Inilalarawan dito sa pag-uusap ng dalawang tao o palitan ng kuro-kuro ng dalawang tao. Bagay na masasabing natatangi ang wika nila dahil nakapagdudulot ang hulihang panlapi ng pagbabago ng kahulugan.

Kapuna-puna rin ang salitang *mandyagan* dahil binubuo ng malayang morpema *nadyagan* at di-malayang morpema na *mang-*. Ang *dyagan* ay nagtataglay ng ponemang mala-patinig nay na ginagamit lang sa salitang diptonggo ng gramatikang Filipino. Ngunit sa wikang ito, ginagamitan din ng diptonggo ngunit nasa gitnang bahagi na wala naman sa tuntuning panggramatikang Filipino. Sa ibang punto, nakikitaan din ito ng pagkakaltas ng ponemang *i* bilang ponemang patinig na kasama lagi ng mala-patinig. Subalit sa wikang ito ay malinaw na gumagamit ang mga mamamayan ng Bantayan Island ng *y* sa mga salita nila sa gitnang bahagi. Gayunman, hindi naman nakapagbabago ng kahulugan ang nangyaring pagkakaltas ng ponema. Sa kabilang banda, ang paglalapi sa unahan na *mang-* ay nagiging *man-* na nagpapakita pa rin ng pag-aasimila sa morpemang *mang* patungo sa *man* dulot ng salitang-ugat na nagsisimula sa *d*. Bagay na masasabing isa sa mga katangian ng wika ng Bantayan Island ay pagkakaltas ng ponema at pag-aasimila ng morpema na hindi nagpapabago ng kahulugan.

Kakaiba naman ang salitang *maawona* naglalarawan ng malayang morpema ng *awo* at di-malayang morpema na *ma-*. Sobrang lalim ng termino at walang katulad sa iba pang wika, bagay na masasabing tatak katutubo ito. Nagsasaad na hiya ang *awo* at kapag inuunlapihan ay nagsasaad naman ng mahiya o may hiya. Naglalarawan ito sa uri ng tao mayroon ang isla sapagkat likas talaga silang mahiyain lalo na kapag hindi kakilala. Nasa anyong pang-uri ang salitang ito na naglalarawan sa ipinapakita ng tao sa kanyang kapwa.

Kapansin-pansin ang ikinaiiba ng salitang *ibanna* nasa anyong malayang morpema. Kung sa Filipino nagsasaad ito ng iba, sa wikang Bantayanon ay nagiging *iban* habang sa iba pang lalawigan ay *uban*. Masasabing mas malapit ang anyo ng wikang Bantayanon sa Filipino maliban lang sa huling ponema na *n*. Kaya, masasabing isa mga natatanging panlapi ng wikang Bantayanon ay *-nna* matatagpuan sa hulihan.

Itinuturing naman na naglalarawan sa paraan ng pagpatulog ng bata ang salitang *puya*. Ang salitang *puya* ay isang malayang morpema na nangangahulugang bata o sanggol. Ang salitang ito ay nagpapakita ng may kaugnayan ang *puya* sa salitang *puyo*. Ang *puyo* naman ay wikang Sugbuanun na maaaring gawa sa iba't ibang materyal o malaking kumot na ginagawang duyan para doon hihiga ang sanggol at patulugin. Sa ganitong kalagayan, masasabing ang salitang *puya* ay kombinasyon ng *puyo* at *bata* dahil nakasanayan na talaga sa pamilyang Pilipino ang pagduduyan sa isang bata. Maaari ring sabihin malayang nagpapalitan ang ponemang *o* at *a* kapag nasa hulihang bahagi sa wikang Bantayanon. Ginagamit ang salitang *puya* bilang pangngalan dahil tumutukoy ito sa isang bagay.

Ang salitang *mulimo* naman ay binubuo ng malayang morpema *nalimo* at di-malayang morpema na *mu*. Inilalarawan dito sa salitang *limo* ang pagkalimot ng tao. Mula sa salitang *limo* tang *limo* na nangangahulugang kapag uminom ng gamot ang tao ay makalimot o mawala ang taglay na karamdaman. Isa sa mga mananaliksik ay nakaranas ng *limo* dahil palaging nagkasakit sa bawat buwan. Ang sinabi ng nanay niya ay may gumagawa ng *limo* at kailangan itaon sa full moon upang tumalab ang *limo*. Sa hindi maipaliwanag na dahilan, hindi na nga palaging nagkasakit. Ang di-malayang morpema na makikita sa unahan, ang *mu* naman ay panlaping makangalan sapagkat kinakabit ito mga salitang-ugat na pang-uri kaya nagiging pangngalan ito. Ang pagbubuo ng salitang ito ay nagbubunga sa pagiging tao mula sa paraan ng paggawa ng kilos ay kapag isinasakilos na ito ng tao ay nagiging pangngalan.

Malinaw na ang salitang maiban-ibanan ay nag-iisang inuulit na paglalapi. Nasa anyong malayang morpema at di-malaya. Ang malayang morpema ay *iban*, gaya ng nabanggit sa unahan, ang *iban* ay tumutukoy din sa iba pang bagay. Ibig sabihin ay kapwa ginagamit ang dalawa sa para maibsan o para sa iba pang bagay. Maaaring magkahiwalay na sitwayon ang paggamit nito upang malaman ang pagkakaiba. Kapansin-pansin namay varayti din sa wika ng mga taga-Bantayan. Samantala, kapag ikinakabit naman ang mga panlapi na *ma-*, at may pag-uulit sa salitang-ugat ay nagbabago ang kahulugan. Nangangahulugang kahit papaano ay maibsan ang mga bagay-bagay. Ito ay pang-abay na pamaraan na naglalarawan sa paraan ng kilos.

Ang salitang *naugmad* ay binubuo ng malayang morpema na ugmad at di-malayang morpema na *na-*. Ipinapakita lang ang ugmad ay nagsasaad ng puspusang paggawa o pagtatrabaho. Mailalarawan ito sa paraan ng pagtatrabaho ng mga tao sa probinsya dahil sadyang nagbabanat ng buto. Pawis at dugo ang pinuhunan para lang magkapera. Ang panlaping na sa unahan ay nagsasaad ng tapos na pagtatrabaho. Kung pagsama-samahin naman ay tumutukoy sa kilos na tapos nang gumawa sa mga gawain o trabaho.

Ang huling salitang ikinaiiba ay *bakudna* nasa anyong malayang morpema. Ito ay tumutukoy sa tapang pa rin gaya ng mga nabanggit na mga lalawigan. Subalit sobrang malayo sa iba pang lalawigan ang baybay nito. Sapagkat naglalarawan ito ng katibayang loob sa pagpapakita ng katapangan.

Sa madaling salita, ang pagkakaiba-iba ng mga salita ng wikang Bantayanon ay makikita sa pagbubuo ng salita at kaurian ngunit hindi gaanong nakakaimpluwensya sa pagbabago ng kahulugan ng salita.

#### IV. CONCLUSIONS AND RECOMMENDATIONS

Batay sa nga natuklasan, ang mga salita sa Hilagang Cebu ay may kanya-kanyang varayti na kung saan nakakabuo ng sariling salita at pagpapakahulugan na ginagamit sa pakikiisa, pakikilahok at pakikipagpalagayang-loob sa uri ng lipunang ginagalawan. Para sa ikauunlad pa ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod; bigyang tuon ang pagsusuri sa anyong ponolohikal at sintaktikal upang mas mailarawan ang katangian ng wikang Sugbuanun'g Binisaya sa Hilagang Cebu.

#### ACKNOWLEDGEMENT

Ang pag-aaral na ito ay nabuo sa tulong pinansyal ng Commission on Higher Education (CHED) kasama ng Pamantasang Normal ng Cebu.

#### REFERENCES

- [1]. Arrogante, J. et al. 2007. Sining ng komunikasyon sa Akademikong Filipino. Navotas City: Navotas Press.
- [2]. Cubar, N. & Cubar, E. 1994. Writing Filipino Grammar. Quezon City: New Day Publishers.
- [3]. Garcia, L. Makabagong Gramar ng Filipino. 2009. Manila: Philippines. Rex a. Bookstore.
- [4]. Holmes, J. 2001. An Introduction to sociolinguistics. 2<sup>nd</sup> edition. Longman: Pearson Education Ltd.
- [5]. Lavov, W. 2001. Priinciples of Linguistics Change: Social Factors. Oxford: Blackwell Publishers Ltd.
- [6]. Longinos, R., et al. 2013. Bisaya: Kabilin sa Atong Kaliwat 1. 2013, Cebu City: Don Bosco Pre, Inc.
- [7]. Pesirla, A. 2012. Ang Linggwistikasa Sugbuanun'g Binisaya. Cebu City: Anvil Publishing, Inc.
- [8]. Pesirla, A. 2003. Ang Mga Sistima'ng Linggwistika sa Sugbuanu'ng Bisaya. Cebu City: Carague Printing Corp.
- [9]. Ramos, T. & Cena, R. 1995. Modern Tagalog Grammatical Explanation and Exercises and Exercises for Non-Native Speakers. University of Hawaii Press. Honolulu.
- [10]. Schacter P. & Otones, F. 1972. Tagalog Reference Grammar. Berkeley, Los Angeles, London: University of California Press.
- [11]. Selgas, C. et al. 1972. Mother Tongue-Based Multilingual Education. Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya. Kagawaran ng Edukasyon. MGO Enterprises.
- [12]. Thompson, P. M. I. (M. 2003. Filipino English and Taglish: Language Switching from Multiple perspectives. Philadelphia; Amsterdam: John Benjamins Publishing Company. doi:10.1075/veaw.g31
- [13]. Trudgill, P. 1995. Sociolinguistics: An Introduction to Language and Society. England. Clays Ltd. St Ives plc.
- [14]. Trudgill, P. 2002. Sociolinguistic Variation and Change. Edinburgh: Edinburgh University Press Ltd.
- [15]. Sibayan, B. 1 The Intellectualization of Filipino. Manila: LSP DLSU M.